

# LARC Stream

A quarterly Newsletter providing the latest news, updates, and information in and around LARC

Volume 3 | Issue No. 01 | March 2018

## LARC puts up 2 reservoirs to boost water supply



LARC engineers overseeing the construction of reservoir at Bayog Pump Station.



Digital image of the reservoir in Maahas.

The construction of a new reservoir located at Barangay Bayog has already commenced and another to be constructed soon at Barangay Maahas aims to enhance water reliability and boost distribution efficiency in Los Baños and parts of Bay.

The new reservoirs will enable LARC to increase the water availability during peak demand. These new facilities, which have a combined storage capacity of 750,000 liters of water, can increase water pressure from 10-20 psi (pound per square inch) to 20-30 psi. The expected increase in water pressure will consequently allow LARC to deliver potable water to elevated areas which previously had experienced limited water supply.

Among the areas that will benefit from the improved water pressure are Bayog, Maahas and parts of San Antonio and Mayondon in Los Baños. Concessionaires from Sto. Domingo and parts of Calo in Bay will also experience the improved water supply and pressure. The reservoirs can also support LARC's new water service connections in the area.

Once completed the two new reservoirs will add to LARC's 5 existing reservoirs located in strategic locations throughout its service area. Aside from the Maahas and Bayog reservoirs, LARC is also set to build three more this year. One in Puypuy, Bay and the others in Anos, and/or Batong Malake, Los Baños.

The Bayog reservoir, which began its construction in December 2017 is expected to be completed by July 2018. After which, construction of Maahas reservoir will commence.

## Out with the old, in with the new water meters

As part of Laguna Water District Aquatech Resources Corporation's (LARC's) commitment to provide safe and reliable water service, a two-year plan to replace ageing water meters throughout its service area will be conducted beginning this year. This will be done to boost the reliability of the water meter reading process and ensure that concessionaires receive accurate billing.

According to Engr. Christian Henry Lacson, LARC Operations Manager, the meter replacement project will consist of two phases. The first phase will be done

this year which involves the replacement of meters that have been of service for 10 years or more. The second phase of the program will be implemented on 2019 and will involve replacement of meters that are 5 years old or more.

Engr. Lacson added that the replacement of old water meters is free of charge to the concessionaires. He further explained that replacing these water meters will benefit the concessionaires thru better meter accuracy. Consequently, concessionaires can be assured that they are billed only for the water they consume.



Sample of a newly installed water meter.

### Inside this issue

Straight from GM  
Page 2

Buenavista at San Francisco,  
Nagcarlan natulungan ng  
Alalay sa Barangay ng  
LWD at LARC  
Page 2

Dalayday nanguna sa  
World Water Day 2018 sa  
LB at Bay  
Page 3

From the  
President's  
Desk  
Page 3

Wash Area Masaya  
Page 4



# Straight from GM



## Pursuing service improvements for the community

As we welcome another year, I want to share with you our latest projects and update you on some of the most important developments we have done to serve you better. I am very excited to start another year and look forward to the challenges and opportunities for improvements here at Laguna Water District Aquatech Resources Corporation (LARC).

This issue includes information on LARC's new service areas. Villa Adelina Subdivision, Betterland Homes, and Lagunaville residents will have clean water at their homes as soon as the new water distribution lines are installed. Details on applying for new water service connection can be read on this page.

We continue to promote proper hygiene, good health and environmental responsibility through our corporate social responsibility (CSR) activities such as medical and dental missions at various barangays in Nagcarlan, donation of Wash Area to Masaya Elementary School, and celebration of World Water Day 2018. At the same time, we cultivate partnerships among local communities for enhanced environmental awareness and extend assistance to underprivileged households and individuals in our service areas. Articles on these are on this page and on pages 3 & 4.


Most importantly, this issue features updates concerning the infrastructure projects at Barangays Maahas and Bayog in Los Baños, Laguna, and the replacement of ageing water meters. With these improvements, water services in the areas will now be more reliable amid the growth in demand. Articles on these projects may be read on page 1.

We will continue to update you with the latest activities, news, and developments regarding LARC. Thank you for your continued support and we hope that you will enjoy our first newsletter issue for the year. If you have other stories in mind that you want us to feature, you may send us your suggestions by visiting our website [www.larc.com.ph](http://www.larc.com.ph), emailing us at [larc.main@larc.com.ph](mailto:larc.main@larc.com.ph) or messaging us at our Facebook Page: Laguna Water District Aquatech Resources Corporation-LARC.

## Buenavista at San Francisco, Nagcarlan natulungan ng Alalay sa Barangay ng LWD at LARC



Mga mag-aaral ng San Francisco Day Care Center habang nakikinig sa tamang paghuhugas ng kamay noong Enero 26, 2018.



Dra. Cabigas habang sinusuri ang kalusugan ng bata sa Buenavista, Nagcarlan noong ika-24 ng Enero 2018.

Sinimulan ng Laguna Water District (LWD) at Laguna Water District Aquatech Resources Corporation (LARC) ang taong ito ng pamimigay ng libreng tulong medikal at dental sa mga residente ng Brgy. Buenavista noong Enero 24 at Brgy. San Francisco noong Enero 26 bilang bahagi ng kanilang programa na Alalay sa Barangay.

Ang mahigit sa dalawang daang residente ng dalawang barangay sa Nagcarlan ay nakatanggap din ng mga libreng bitamina at mga gamot para sa diabetes, ubo, sipon, atbp.

Inimbitahan ng LWD at LARC sina Dr. May Pagaspas-Cabigas at Dr. Coleen Callo-Dela Cruz upang magsagawa ng mga pagsusuring medikal habang sina Dr. Aries Ian S. Guiaya at Dr. Melvin E. Tailan ay nagbigay ng serbisyong dental.

Ang mga nabanggit na aktibidad ay naging matagumpay dahil na rin sa suporta at tulong ng mga opisyal ng barangay at barangay health workers na pinamunuan nina **B a r a n g a y** Buenavista Chair Anelyn Autor at Barangay San Francisco Chairman Licerio Monteagudo.

### ANNOUNCEMENT

Good news! LARC is now servicing the following areas in Los Baños:

- Villa Adelina Subdivision, Mayondon
- Betterland Homes, San Antonio
- Lagunaville Subdivision, San Antonio

Residents may now apply for new water service connection. Forms and requirements are available at LARC Main office, Modemar Building, Lopez Avenue, Batong Malake, Los Baños, Laguna.

For inquiries, you may call LARC Customer Care Service at (049) 5360127/0331 loc. 101, 108, or 109.



## Dalayday nanguna sa World Water Day 2018 sa LB at Bay

Para sa selebrasyon ng World Water Day 2018, isang taunang kaganapan na ipinagdiriwang tuwing Marso 22 na inorganisa ng United Nations, nagsagawa ang Laguna Water District (LWD) at Laguna Water District Aquatech Resources Corporation (LARC) ng iba't-ibang mga aktibidad na napapailalim sa programa ng LARC na pinamagatang, "Dalayday: Lingapin yamang tubig". Nakatuon ang nabanggit na programa sa kahalagahan at responsableng pamamahala ng yamang-tubig at mga kabutihang maidudulot nito sa kalikasan, sa susunod na henerasyon at lalo't higit sa kalusugan ng tao.

### Linis Ilat



Kasama ng LARC Community Relations and External Affairs Specialist Sheila Segui (gitna) sina Kapitan Josecito C. Manzanares (kanan) at Konsehal Allan G. Alvarez (kaliwa) ng Brgy. Bambang sa paglilinis ng ilog para sa selebrasyon ng World Water Day 2018 noong ika-10 ng Marso 2018.

Isang malawakang "Linis Ilat" ang isinagawa sa Los Baños, Laguna nitong Marso 10, 2018. Sumali ang mga opisyal at residente ng iba't ibang barangay, partikular ang Anos, Bambang, Batong Malake, Baybayin, Bayog, Lalakay, Maahas, Malinta, Mayondon, San Antonio, Timugan, at Tuntungin-Putho, mga miyembro ng Fisheries and Aquatic Resources Management Councils (FARMC) at iba pang boluntaryo mula sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB).

Ang aktibidad na ito ay proyekto ng LWD at LARC sa pakikipagtulungan ng Munisipalidad ng Los Baños sa pangunguna ni Mayor Caesar P. Perez.

Ito ang ikalawang taon na idinaos ng LWD at LARC ang malawakang paglilinis ng mga ilog sa Los Baños bilang paggunita sa World Water Day.

### Linis Lawa

Kasama ang lokal na pamahalaan ng Bay, nagsagawa ang LWD at LARC ng isang Linis Lawa sa Tagumpay, Bay, Laguna noong Marso 15, 2018 kung saan nakilahok ang mga kabataan, ilang grupo mula sa pribadong sektor, ahensya ng gobyerno, at iba pang organisasyon.

Nakilahok sa aktibidad ang Department of Environment and Natural Resources (DENR), Laguna Lake Development Authority (LLDA), Association of Municipal and Barangay Environmental Council (AMBEC), CSO Tanaw ng Pag-asa, Solid Bay Producers Coop., Liga ng Barangay, Bay Tourism Office, at Envirokonsult. Ituloy sa pahina 4



### KAYO BA AY NAKAKARANAS NG MAHINANG SUPLAY O WALANG DALOY NG TUBIG?

Inspeksyunin ang inyong lock wing at water valve at siguraduhing ito ay nakabukas.



Kung mahina pa rin ang suplay o wala pa ring daloy ng tubig sa inyong lugar, ipagbigay alam agad sa LARC.

(049) 536-2331 / 536-0127  
local 101, 102 & 109  
www.larc.com.ph  
Laguna Water District  
Aquatech Resources Corporation - LARC

## From the President's Desk



### Bracing for transformations ahead

This year will mark the start of our transformation phase as we carry forward our commitment to provide you with safe and reliable water supply at all times.

For this year, we will continue improving our water infrastructure facilities to sustain the increasing demand brought by growth in population and rapid development in our service area. We will focus our efforts on enhancing and constructing treatment plants, pump stations, reservoirs and other state-of-the-art water facilities to ensure an adequate water source and effective supply distribution system. Our goal is to provide 24-hour water supply with sufficient pressure for our existing customers, as well as for expansion areas. Additional reservoirs and water source will be in our priority this year.

Construction of Bayog reservoir began in December 2017 to be followed by another in Maahas. Upon completion, the P15-million storage facility is expected to increase water supply availability and pressure to support the increasing demand of the service area and satisfy the water requirement during peak demand.

Acquisition of chlorine dioxide generating system for Umali, Lopez, and Lalakay pump stations were also programmed to ensure compliance with Philippine National Standards for Drinking Water of the Department of Health (DOH).

To ensure uninterrupted water supply and address water loses, old and degraded pipes will be replaced on parts of Calauan and Bay.

Beginning this year, we will also be replacing ageing water meters throughout the service area free of charge to the concessionaires. Replacing ageing meters will boost the reliability of the water reading process and ensure that concessionaires receive accurate billing.

Aside from infrastructure projects, we will continue to seek ways of engaging our customers for excellent service delivery. We will also continue to implement corporate social responsibility initiatives such as Alalay sa Barangay and Dalayday.

Together, let us look forward and work even harder for another successful year in spite of the economic and environmental challenges.

We, at **LARC Stream** appreciate your comments and feedbacks.

Please let us know what you think about this issue, e-mail us at [larc.main@larc.com.ph](mailto:larc.main@larc.com.ph).





## Dalayday nanguna... mula pahina 3



Mga naipong basura ng mga miyembro ng Bay Federation of Fisherfolk (BFF) mula sa Lawa ng Laguna noong selebrasyon ng World Water Day 2018 sa Bay, Laguna.



Mga batang residente ng Brgy. Tagumpay na sina Ian Mavric Baricanosa at Jericopeno Maige habang naglilinis ng Lawa ng Laguna noong selebrasyon ng World Water Day 2018 sa Bay, Laguna.

Mahigit apatnapung bangka ang umikot sa lawa para makuha ang mga basura at ito ay pinangunahan ng mga miyembro ng Bay Federation of Fisherfolk (BFF).

Habang kinokolekta ng BFF ang mga basura sa lawa, nagsagawa ang lokal na pamahalaan ng Bay ng maikling programa at parada bago dumiretso ang mga kasali sa paglilinis sa tabing-lawa. Ang programa ay nagsilbing daan para talakayin ang sitwasyon ng kapaligiran at mga isyu ng mapagkukunang tubig sa kasalukuyan. Doon din, inanunsyo ng lokal na pamahalaan, sa pangunguna nina Bise-Alkalde Jose Padrid at Konsehal Dan Lanceras, na isang resolusyon ang ipinasa kung saan ang World Water Day ay taun-taon nang ipagdiriwang sa bayan ng Bay.

### Photo Contest

Bilang bahagi pa rin ng pagdiriwang ng World Water Day at upang patuloy na imulat ang kamalayan ng mga kabataan sa kahalagahan ng tubig, ang LARC ay nagsagawa ng isang photo contest para sa mga estudyante mula sa pribado at pampublikong mataas na paaralan ng Los Baños, Bay, Calauan, Victoria, at Nagcarlan.

nagkaroon ng pagkakataon ang mga miyembro ng Facebook na iboto ang kanilang paboritong larawan. Ang mga nanalo ay pinili ng mga hurado na sina Mr. John Angelo Turano ng UP Photographer's Society at Assistant Professor Edmund Centeno ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños.

Noong March 22, 2018, inanunsyo ng LARC ang mga nagwagi na sina:

Champion—John Arvin R. Salon ng San Francisco Integrated National High School

2nd – Audric Blyke C. Manalo ng UP Rural High School

3rd – Dan Alexander E. Abas of Liceo de Bay

Pinakapaboritong litrato sa Facebook - Dhanna Mae A. Tolentino of San Roque National High School

Kasabay nito, ang mga konsesyonaryo na nagbayad ng kanilang mga water bill ay nagkaroon ng pagkakataon na makisaya sa pagdiriwang sa pamamagitan ng pagkuha ng kanilang mga litrato sa World Water Day photobooth na inilagay sa harap ng LARC main office at makapag-uwi ng eco bag, payong, o tumbler.

**L A R C**  
LAGUNA WATER DISTRICT  
AQUATECH RESOURCES CORPORATION

### Paano ang komputasyon ng VAT sa iyong LARC bill?

Muli, ang VAT ay isang pamamaraan ng gobyerno para sa *fiscal reform* ng ating bansa. Ito ay ibabalik sa publiko na pamamagitan ng iba't-ibang serbisyo na makakatulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng bawat mamamayan.

Simula Mayo 2018 ang VAT na sinisingil ng gobyerno ay kasama na sa komputasyon ng iyong LARC bill. Ang halimbawa ng komputasyon ay nakasaad sa ibaba.

READING DATE	DUE DATE	METER NO.
May 18 2018	May 28 2018	225631
PERIOD COVERED: April 17 2018 – May 18 2018		
READINGS	Cubic Meter CONSUMED	AMOUNT (PESOS)
PRESENT	PREVIOUS	
655	655	10
		PCA
		SC
		VAT
		23.16
		Arrears
		Amount Due
		216.16
		May 28 2018 (10%)
		235.46
DUE AFTER		

Para sa karagdagang kaalaman o paglilinis, tumawag sa (049) 536-0331 o 536-0127, local 101, 108 at 109.

Laguna Water District Aquatech Resources Corporation - LARC

(049) 536-0331 / 0127 | www.larc.com.ph | larc.man@larc.com.ph

Ayon ang paligsahan sa tema ng World Water Day na 'Nature for Water' – *exploring nature-based solutions to the water challenges we face in the 21st century*. Ibinahagi ng iba't-ibang estudyante ang kanilang talento sa pagkuha ng litrato. Mula sa mga lumahok, labing-dalawang larawan ang napiling ilagay sa Facebook page ng LARC kung saan

### WASH AREA MASAYA



Students of Masaya Elementary School cleaning their hands in the new wash area donated by LARC.

LARC recently donated a hand washing facility on January 18, 2018 to Masaya Elementary School in Bay. It aims to provide a healthy school environment and support safe hygiene behaviors among students.

LARC wish to build more wash stations not just in schools but also in other public institutions and areas with insufficient water supply, sanitation and hand washing facilities.